# Mga Tula

*Edgar Calabia Samar*

## Tagpo

Pitong taon ako nang una ko siyang makita:
hindi tao, hindi hayop, nakasiksik sa sagingan
na tinatanuran ng matandang poso. Tiyanak!
Sabi ko, nanlalaki ang mga mata. OA,
sabi niya naman, naroon at wala sa panahon.
Saka siya lumundag at tumuntong sa balikat ko,
buong buhay kong pinasan, mahigpit
ang kapit sa ulo ko. Hindi siya nakikita ng iba—
ang halimaw na laging may puna sa iniisip
ko't binibitiwang salita, tulad ng, "Pitong taon
ako nang una ko siyang makita," dahil bulag
ako't naliligaw at siya ang nakatagpo sa akin.

## Ang Kasiyahan ng mga Isda

Wala silang alaala, at hindi nila iyon inaalala. Ang unang kamangmangan
ng tao: na sukátin ang panahon, na sabihing may sandali't—saglit lamang—
Hindi ko na nakikilala ang mga ilog na nilanguyan namin noon, bagaman
pinapangarap ko ang muling mga pagkikita. Na hulihin ang kidlat sa
ikalawang pagdapo sa iisang puno, ikulong sa bitag ng baboy-damo,
kamukha ng mga sinaunang diyos. Walang apoy dito, sa kung gaano kalalim
ang pagnanasa. Tutubo mula sa lupa, mag-uugat ang mga alamat ng kung
ano-anong puno't halaman, uulan ng damulag at kumag sa santinakpan
sapagkat kailangan, sapagkat kailan ba nagkulang ang kalikasan sa ating
pangangailangan. Umiikot ang usok ng bagong-sinding katol sa pampang.

Bagong panahon at bigong paglilimayon ng insekto't insurekto ng sibilisasyon. Magkaniig gaya ng mga sinaunang hayop na nangawala na bago pa man binasbasan ng pangalan. Sumpa ang gunita at ibig nating manumpa.

## Sa Isang Madilim

Gubat ang laberinto sa gaya kong lumaki sa Ciudad.
Naroon ang katawang naliligaw bagaman may kaluluwa
ang mga kiyapo at lawan at banug at halimaw
na maaari sanang hapunan ng pagal na isip.
Narito ang Pluralidad na hinananap: Sanlaksa
ang biyaya, at hindi mabata ng tao.
Kaya't ipinakilala ang Diyos: Nag-iisa at madilim
ang pinagmulan, ipinamana sa atin ang paghahangad
ng liwanag, na bahagya, lamang ay—Ay!
Anong panglaw, anong sarap mahulog sa ningning!

## Samantalang Sakop

Nakabitin sa paa ng halimaw ang kuting, inaakalang ina niya ang hayop na iyong maglalaho sa balat ng lupa. Ikinadena ang lahat ng demonyong natagpuan sa ating panig ng daigdig. Pinatitig sa sariling anino't binuwang. Nakapalig ang kuliglig, at umaapaw ang salimbayang tinig sa paligid. Darating ito, ang gabi, sanlaksa ngunit iisa ang mukha, gaya ng lahat ng mga multo sa araw ng paghuhukom. Nagkakalas ang hinagap, samantalang iniisip ko ang lahat ng baliw sa mundo. Hinangad namin noon na maging mahigpit ang tula, manaludtod, pilantod na sumasayaw sa hininga't pahinga ng kapansanan, ng pinapasang karamdaman. Maanong linya na lang ang nalalabi sa mga pinaniniwalaan ko? Gurlis sa dibdib. Haba ng sibat. Patlang sa pagsusulit. Panlalabo ng abot-tanaw. Nakamata ang maninila sa katiyakan ng panganib, sa dunong ng mga bulaklak, sa dungong pintig ng pantig ng mga salitang mababaon sa limot. Pangako, narito ang sentimental sa pananakop, ang karumal-dumal sa pakiwari. Ang paglalabo-labo ng mga kahinaan ng

mundo. Ang pagbaril sa tatlo, apat na bata nang basta-basta. Kabiguan ang katiyakan ng mga bagay, gaya ng yambo, bunot, muhikap, sampalok, pandin, kalibato, palakpakin. Walang biro maliban sa pagsukob sa mabigat, sa dapat dibdibin. Hindi nakikipagkaibigan ang daigdig—at anong panig iyon—maaabot ba nitong balangay? Tinuruan tayong makipagkamay, kumaway, umalalay sapagkat naroon ang palad. Layag, paglaya, o, anong diwata, sampalataya!

## Pangawan

Nanaginip ang bata ng mga tala
na bumaba upang maligo sa lawa,
kahit gising,
at minsa'y lumabas siya't
tinubuan ng pakpak
nang dapuan ng liwanag
ng buwan ang gulugod.
Nagluksa ang pitong lawa
dahil lumisan ang bata
at iniwan ang pagtula.
Walang baon, walang talinghaga.
Lumipad, at naiwang alamat
ang inang nakamulagat
sa durungawan at nagdaan.

## Paghawak ng Panahon

Samantala'y sakop ang daigdig.

Walo ang diwatang nag-aatas ng pagbabago, na magbago, sapagkat iyon ang bulong ng panahon, upang sumulong, o mahulog sa pag-uulit, ulitin ang daigdig sa bawat pagkakamali, dahil nagngangalit ang oras, humihigpit ang sandali, at saglit na sumasabog, dalit ng panginoong di nakikilala, dahil walang linyang pipigil sa paningin, magdidikta ng kahulugan, at

ang kamay niya sa aking leeg, ako na nagbibilang ng malas, salamat sa mga salita ni Laurenaria at ni Ligaya, gaya ng alamat ng buhay, sapagkat wala tayo roon, at wala tayo sa wakas, sapagkat dito lamang sa daigdig ng salita, ng tulang daigdig ko mahahawakan ang panahon na humahawak sa atin—at kapag napagod ang isa man sa atin ay ilalahad ng kaninong palad, ang tadhana—ang guhit na nag-uugnay sa akin at sa mga salitang unang binigkas para pangalanan ang bayaning naglalakbay ngayon sa kung saan, sakaling nakamata ang talinghaga kahit wala siyang larawan, sapagkat hindi siya magpapakita gaya ng ninunong nagpakalunod sa lawa upang huwag mawala ang tiwala natin sa hindi masasabi ng salita, sapagkat ano na nga ba ang nangyari sa atin?

## Alingawngaw

Pag-uwi, saka ko pinag-isipan kung bakit hindi ako sumigaw.
Sumigaw man ako, ano kaya ang inihiyaw ko sa bangin?
Bangin, paano, ang nakapagitan sa mga lupain ng damdamin!
Damdamín man ng mga lawan at layag ang pananahimik,
Pananahimik ang magtatawid nitong katinuan sa pag-uwi …